

# Chapter One



| sang ngiti ang sumilay sa mga labi ni Asya habang pinagmamasdan ang asul na karagatan ng Cannes kung saan kasisikat pa lang ng araw. Nakaupo siya sa isang bangko katabi ang table na kinapapatungan ng kanyang umagahan na isang mug ng hot chocolate at butter cookies.

Suot lang ang kanyang nightgown na pinatungan ng roba, hindi niya iniinda ang malamig na simoy ng hangin sa balkonahe ng kanyang suite sa *Bristol Hotel*.

Alas seis pa lang ng umaga noon at wala sa tipo niya ang gumising nang maaga pero dahil nasa paborito niyang bansa, kahit alas cuatro pa ng umaga ay babangon si Asya. Wala siyang

---

palalampadding sandali.

She loved France, next to the Philippines of course.

Bata pa lang siya, lagi na niyang naririnig ang tungkol dito. Idagdag pa na paborito niyang fairy tale ang *Beauty and the Beast*. Isipin niya pa lang ang France ay kinikilig na siya. Kaya nang makaipon siya ng sapat na pera para makapagbakasyon sa bansa ng paborito niyang macarons ay agad siyang lumipad patungo roon. Goal niya na malibot ang buong bansa, pero dahil hindi siya milyonarya ay ang mga pinakapaborito niya lang na city sa France ang kanyang pinasyalan.

Buong buwan ng Mayo ang nilaan niya para sa bakasyon na iyon. Siyempre ang sikat na Paris ang first destination ni Asya. Nanatili siya roon nang isang linggo. At kahit nilalangaw ang ilang taon na niyang bokyang love life at solo lang siya sa bakasyon na ito, labis niyang na-enjoy ang isa sa pinaka-romantic na siyudad sa mundo. Kahit yata ang pinaka-bitter na tao sa balat ng lupa ay mai-in love sa ganda ng Paris.

Sunod niya namang pinuntahan ang *The Palace of Versailles*. Tiniis niya ang mahabang pila at kumpol ng mga tao makita lang ang isa

sa pinakasikat na tourist destinations sa bansang iyon.

Pagkatapos, agad siyang bumiyaha patungo ng Strasbourg kung saan agad niyang pinuntahan ang sikat na *Strasbourg Cathedral*, isa sa pinakamatataas na gusali sa buong mundo at itinayo pa ito noong Medieval Period. Nanatili siya nang isang linggo sa Strasbourg at sa bawat araw ay mas minahal niya ang lungsod dahil sa history nito at naggagandahang istraktura.

Ang Lyon ang sunod niyang binisita, at gaya sa Strasbourg, nalula siya sa ganda ng mga gusali at tanawin sa buong lungsod. Pakiramdam ni Asya ay nabuhay siya noong unang panahon dahil sa naglalakihang Roman ruins, Renaissance old town, at *Presqu'île*. Idagdag pa na ang Lyon ay ang World's Culinary Capital. Nadagdagan tuloy ang timbang ni Asya.

Matapos bisitahin ang mga siyudad ay pumunta naman siya sa Aix-en-Provence, na-enjoy niya ang magandang view ng *Mont Sainte-Victoire* at ang pamimili ng mga local products sa *Le Grand Marche*.

Ang Cannes ang inihuli niya dahil iyon ang pinakapaborito niyang city sa France. Nagkataon na napili ng kanyang Tita Edith at ng fiancé

nitong French na sa Cannes magpakasal kaya ang bakasyon grande niya ay na-extend pa.

Nauna siya ng apat na araw sa mga tiyahin kaya sa murang hotel muna siya nag-stay dahil wala sa bokabularyo ni Asya ang magsayang ng pera. Sapat na sa kanya ang makarating siya ng Cannes. Pero nang dumating ang mag-fiancé three days ago ay lumipat siya sa *Bristol Hotel* kung saan nagpa-reserve ang mga ito ng dalawang royal suite.

Mamayang 10 a.m. ang wedding ceremony na gaganapin sa pinakamatandang simbahan sa Cannes, ang *Notre Dame de l'Esperance Church* na isang historical place. Matatagpuan ang gothic church sa Le Suquet, ang pinakamatandang lugar sa Cannes.

Minsan na niyang pinangarap na maikasal sa simbahan na iyon, kaso puro bugok ang kanyang mga naging boyfriend kaya hindi na siya umasa pa na matutupad ang pangarap na iyon.

Kaya naiinggit si Asya sa Tita Edith niya dahil nakatagpo ito ng lalaking tunay na nagmamahal dito. Isang milyonaryong businessman na naka-base sa New York ang pakakasalan ng tita niya. Tatlong taon nang magkarelasyon ang mga ito na nagkakilala sa isang business conference

sa Pilipinas bago ma-assign ang tiyahin sa New York. Editor-in-chief ang tiyahin sa isang publishing company dito sa Pilipinas na nasa New York ang main at pagmamay-ari ng bunsong kapatid ni Pablo Tijeres, ang groom ng kanyang tiyahin. Na-love at first sight daw ang dalawa.

Panay pa nga ang asar niya sa tiyahin dahil lagi nitong sinasabi sa kanya na mas gusto na nitong tumandang dalaga kaysa sumakit ang ulo sa mga lalaki, pero heto at ikakasal na ito.

Pagdating talaga sa pag-ibig ay walang kasiguraduhan. Lahat ng naiplano mo sa iyong sarili ay mababago.

Masaya si Asya para sa tiyahin na tumayo na bilang pangalawa niyang nanay. Ito na ang namulatan niyang ina dahil ang biological mother niya—na nakakabatang kakambal ng kanyang Tita Edith—ay ikinamatay ang panganganak sa kanya. Seventeen years old lang ito noong ipagbuntis siya at labis pang na-stress dahil umalis ng bansa ang kanyang ama na hindi alam na nabuntis ito.

Walang inilihim ang Tita Edith niya sa kanya, kaya nang mag-eighteenth birthday siya at dumating ang kanyang ama ay magaan ang loob na tinanggap niya ito. Hinanap ito ng kanyang

tiyahin sa America bilang birthday gift sa kanya. May sariling pamilya na ang ama pero hindi siya itinuring na iba ng mga ito. At simula noon ay ang ama na ang nagsusustento sa kanya.

Nagtapos si Asya ng Accountancy at agad nagtrabaho. Pero nang pinamanahan siya ng ama ng bahay na may katabing apat na apartment units ay nag-resign na siya sa trabaho. Nakiusap din kasi ang Tita Edith niya na siya na ang mamahala sa mini-grocery store na pinamana ng lolo niya rito. Magre-resign na kasi ang katiwala niyon. Nang mag-twenty-three siya ay pinamana na rin ng tiyahin ang grocery store sa kanya dahil naging American citizen na ito. Silang dalawa na lang kasi ang natitirang magkapamilya.

Ang mga negosyo niyang iyon ang dahilan kung bakit siya nakapag-tour sa France. Sa loob ng tatlong taon ay tinipid niya ang sarili para makaipon ng pamasaha.

Napatigil si Asya sa pag-inom ng kanyang hot Swiss chocolate nang may mahagip ang kanyang mga mata na eksena sa may sidewalk sa tapat ng hotel. May kataasan man ang puwesto ng suite niya ay malinaw pa ring nakikita ng dalaga ang mga kaganapan sa ibaba.

Isang lalaki na naka-jogging outfit ang

hinarang ng isang blonde na babaeng kinapos sa tela ang mga damit at basta na lang hinalikan nang torrid sa mga labi.

Normal na ang ganoong eksena sa France at tanging siya lang ang nagbibigay ng atensyon sa mga iyon. Ni hindi nga nililingon ng mga dumaraan sa gilid ang dalawa.

“Nice. Ang agang live show, ah!” sambit niya.

Hindi inalis ni Asya ang tingin sa dalawang naghahalikan pa rin. Kahit hindi gumaganti ng halik ang lalaki ay hindi naman ito umiwas sa babae.

“Pakipot pa si *Koya*, mukhang gusto rin naman.”

Simula nang magbakasyon siya roon ay lagi niya na lang natatagpuan ang sariling pinapanood ang mga magsyotang naghahalikan sa public places. Hindi niya alam kung naiinggit ba siya dahil never pa siyang nahalikan in public ng mga ex niya, o talagang may saltik na siya dahil sa dami ng kahihiligan ay iyon pa ang naging trip niya.

Ilang sandali pa ay huminto na rin ang babae sa paghalik sa parang tuod na lalaking hindi man lang gumalaw sa pagkakatayo nito. Pero ganoon na lang ang pagkabigla niya na muntik niya pang

mabitawan ang hawak na mug nang walang hiyang dinaklot ng blonde na babae ang ‘junior’ ng lalaki na bahagyang napaatras. Nagpatuloy pa ang babae at inilapit ang mga labi sa tainga ng lalaki na tila may ibinulong bago umalis sa harapan nito.

Umiling lang ang lalaki bago nagpatuloy sa pag-jo-jogging nito.

Pero si Asya, isang minuto na ang lumipas at wala na ang dalawa sa dating puwesto, ay nanatili pa rin ang tingin. Labis niyang ikinabigla ang nasaksihan. Iyon ang unang beses na nakasaksi siya ng ganoon.

Mayamaya, napabuga siya ng hangin bago napailing. “Grabe! Isang drum na kape ba ang nilagok ni Ateng blonde at puno siya ng energy umagang-umaga? Nakakaloka talaga!” Hinawi ni Asya ang buhok na nililipad ng hangin bago kumuha ng isang cookie at inisang subo iyon. Bigla tuloy siyang nagutom.

*Dear Cannes, you're being too generous to my not-so-innocent mind. Keep it up!*



“You’re so beautiful, Mama,” puri ni Asya habang tinitingnan ang repleksyon ng Tita Edith niya sa malaking salamin ng silid kung saan niya



ito inaayusan.

Pagkatapos nilang mag-breakfast ay agad na silang kumilos para maghanda sa kasal nito.

Simple lang ang off-white laced short-sleeved gown nito pero makikita pa rin ang pagka-classy niyon. Thanks to the famous wedding gown designer, Andy Chan, the fairy godmother of brides.

Pero kahit na nasa early forties na ang tiyahin ay hindi pa rin maitatangi ang angkin nitong ganda. Mukha nga lang itong thirty years old; still flawless and stunning.

“You’re beautiful too, princess,” sagot ni Tita Edith na nagbabadya ang luha sa mga mata habang pinagmamasdan siya. “Thank you, Anastasia.”

“Naku, ’wag kang iiyak, Mama! Sayang ang makeup,” saway ni Asya habang pinapaypayan ng mga kamay ang mga mata ng tiyahin.

Niyakapsiya nito. “Sorry. Masaya lang talaga ako ngayon. Hindi kokasiakalain namaikakasal pa ako.”

“Mama, hangga’t may buhay, may forever pa. Saka pag ipapanganak na ang pinsan ko, saka ka ngumawa. Sige ka, magmumukha kang zombie mamaya sa kasal mo. Baka takbuhan ka ni Tito Pablo.”

Natawa naman ang bride at hinampas pa

siya sa balikat. “Baliw ka talaga kahit kailan, Anastasia.” Pero sinunod naman siya nito at pilit na pinigilan ang luha.

“Maganda naman,” kibit-balikat niya.

“Diyan hindi ako makikipagtalo, kamukha kita, eh.”

“Naman!” Nag-apir pa silang magtiya bago nagtawanan.

Natigil sila nang may kumatok sa pinto ng kuwarto. Nang bumukas iyon ay bumungad sa kanila si Patricia, ang boss ng tita niya at nakakabatang kapatid ng groom.

“Are you ready, Edith? We have to go. They’re waiting at the church now,” anito nang maglakad palapit sa kanila. “You girls are stunning.”

“So are you, President,” biro ng tiyahin na ikinasimangot ni Patricia.

“Stop it, you’re my sister now. After an hour, we will have the same name, Edith.”

“I know. Thank you, Pat.” Niyakap nang tiyahin ang babae na agad na gumanti ng yakap.

“I like you already when Pablo introduced you to us,” amin ng babae.

“Thank you.”

“If you’re really thankful, give me already my so delayed nieces and nephews.”

“We’ll work hard for that. But you should make your own, too.”

“I will when the moon turned green.” Umirap pa si Patricia na ikinatawa nila. Ayon sa tiyahin ay may pagka-manhater ang boss nito.

Matapos silang mag-ayos ay umalis na sila ng hotel. Sakay ng puting kotse, nagtungo sila sa *Notre Dame de l’Esperance Church* kung saan naghihintay na ang groom ng kanyang tiyahin.

Muli, nakaramdam si Asya ng inggit. Sana ay mahanap na rin niya ang forever niya at maikasal sa *Notre Dame de l’Esperance*.

The church was simply stunning. Para siyang maluluha sa ganda niyon habang pinagmamasdan niya mula sa salamin ng kotse.

She instantly fell in love with the church. Idagdag pa na maganda rin ang garden nito sa labas at ang *Baroque Square* na maaaring tambayan ng mga nais mag-date. *Very romantic*.

Sa loob ng simbahan, makikita sa mga paintings at display ang pamumuhay ng mga tao sa Cannes noong unang panahon at ang pangunahing hanapbuhay ay pangingisda.

Hindi gaanong dinesenyuhan ang loob ng simbahan para sa kasal, tanging white lilies and roses lang sa aisle ang idinagdag. Simple at

intimate ang nais na seremonya ng tiyahin.

Tumagal nang isang oras ang kasal kung saan nagkaiyakan pa ang magkasintahan nang magpalitan ng wedding vows.

Niyakap ni Asya ang tiyahan pagkatapos ng kasal. “Congratulations, Mrs. Tijeres.”

“Thank you, princess.” Hinalikan siya ng tiyahin sa noo.

“Don’t worry about me anymore. Kaya ko na po, Mama. Just promise me that you’ll live happily now. Tama na ang ka-bitter-an sa buhay, okay?”

“I will. But I won’t stop worrying about you. You are my daughter, Anastasia. I will always love you.” Muli siya nitong niyakap.

“Of course. And I love you, too, Mama.”

Nang sumapit ang gabi, nasa labas sila ng *Bristol Hotel* para ihatid ang bagong kasal na papa-airport para sa flight patungong Maldives kung saan ang honeymoon ng mga ito.

“I’ll see you in the Philippines. At sana wedding mo na ang susunod,” sabi ni Tita Edith matapos siyang yakapin.

“Malabo po ’yan. Si Miss Patricia ang nakasalo ng bouquet n’yo, eh. Saka wala akong boylet,” aniya na umakto pang malungkot.

“Then, go out and date. ’Wag mo na ’kong

gayahin na late nang nag-asawa,” bilin pa rin ng tiyahin.

Tumango siya. “Opo, pag-uwi ko ng Pilipinas, manunutok ako ng baril para may magpakasal sa ak—Aray!” daing ni Asya nang makatikim siya ng hampas sa balikat mula sa kausap.

“Kailan ka ba magseseryoso, Anastasia Barcia?”

“Pag di na po uso ang mga clown sa gobyerno natin, Mama,” malokong sagot niya.

Muli siyang umani ng hampas bago ito may inilagay sa kanang kamay. “Iyan, isangla mo nang may pambili ka ng kausap.”

Nang tingnan ni Asya ang inabot ng tiyahin ay nakita niya ang isang gold necklace na may red diamond pendant.

“Mama?” Di-makapaniwalang tiningnan niya ang tiyahin.

“Yes, Anastasia. It’s about time na ikaw naman ang makinabang sa sinasabing magic ng kuwintas na iyan ng mga babae sa pamilya natin. It works with me and Pablo. Ganoon din sa mga lola mo. Pag handa ka na, isuot mo iyan at darating ang lalaking para sa iyo,” anang tiyahin.

Narinig na ni Asya ang tungkol sa kuwintas ngunit hindi niya magawang maniwala na totoong

may magic iyon. Na totoong makikilala niya ang lalaking nakatadhana para sa kanya. Siguro ang nangyari sa tiyahin niya ay pagkakataon lang.

“Tita—”

“Love, we have to go.” Natigil siya sa pagsasalita nang lapitan na sila ng asawa ng tiyahin. Umakbay ito sa tita niya at lumapad ang ngiti nang makita ang hawak niyang necklace.

“Better wear it here in Cannes. We got a lot of fine men here, Anastasia,” Pablo said.

She smiled. “Maybe next time. There’s no point in using this now, I’ll be leaving tomorrow night, Tito.”

“You can never tell, sweetie.” Lumapit sa kanya ang lalaki at hinalikan siya sa noo. “Take care and give us a ring when you’re home, okay? Be safe, Anastasia.”

“You too, Tito. And make my Mama more happy. I love you both.” Niyakap niya ito bago muling niyakap ang tiyahin.

“Definitely. She’s my life and I want a happy life.” Humalik ito sa asawa.

Eksaherado siyang tumikhim. Tinawanan lang siya ng dalawa.

“The night is still young. Enjoy Cannes, Asya.”

“I will. Take care and I’ll see you soon.”

Sumakay na ang bagong kasal sa naghihintay na kotse patungo sa airport. Ang pamilya ni Pablo ay umalis na kanina pabalik ng Paris kaya siya na lang ang natira sa suite niya.

“Tama, maaga pa para matulog. Drink the night away, Anastasia. Celebrate being alone again.” Tinapik niya pa ang sariling balikat.

Total ito naman na ang huli niyang gabi sa lugar na iyon, ayos lang siguro na magpakalasing siya. Sayang naman, masarap pa naman ang alak doon.

Papasok na dapat siya sa hotel nang may dumaan sa harapan niya na isang babae at inunahan siya sa pagpasok sa glass door ng hotel. Agad niya itong nakilala bilang iyong babaeng basta na lang nanghalik ng lalaki kaninang umaga sa labas.

“Balat-kalabaw ba siya? Ang lamig na nga naka-sando pa rin at short shorts? Ibang klase talaga!” nailing na bulong ni Asya.

Pinagpatuloy na niya ang naudlot na pagpasok sa hotel. Bumaba ang tingin niya sa hawak na kuwintas. Mukhang gusto na ng Tita Edith niya na lumagay rin siya sa tahimik. Pero para sa kanya ay bata pa siya sa edad na twenty-

five. Marami pa siyang gustong gawin, saka wala siyang makitang matinong lalaki sa panahon ngayon. Imposibleng matulungan siya ng kuwintas na ito na mahanap si Mr. Right. Lalo na't uso ngayon ang mga lalaking lalaki rin ang gusto.

*"Aray!" Anak ng tokneneng! Ang sakit!*

May bigla na naman kasing sumulpot sa kanyang harapan kaya nabangga siya rito. Sapul ang noo niya.

Huling araw na nga niya sa Cannes, puro kamalasan pa ang napapala niya.

Inis na nag-angat si Asya ng tingin sa kung sino mang lapastangang bigla na lang sumulpot sa kanyang harapan.

Hawak ang nasaktang noo, hinarap niya ang pader—este ang lalaking mala-pader ang balikat sa lapad na basta na lang humarang sa kanya.

*Sayang, mukhang hot pa naman.*

"Hey," mataray na tawag niya rito.

*Mapapa-English pa ako nang di-oras, kainis!*

Dahan-dahang lumingon sa kanya ang lalaki at dahil mas matangkad ito nang higit sa kanya, nakatingala siya rito. At pakiramdam ni Asya ay nalaglag ang panty niya nang makita ang buong mukha ng lalaki.

*Syet! Ang guwapo pala ni 'Koya' sa malapitan.*



*Kaya naman pala ito basta na lang hinalikan ni Ateng kaninang umaga.*

Tama, ang lalaking bumunggo't nasa harapan niya ngayon ay ang lalaking tuod na nakita niya mula sa balcony na basta na lang hinalikan ng blonde na babae kaninang umaga.

Kung wala nga lang siyang konting katinuang natitira ay baka hinalikan niya rin ito sa sobrang guwapo.

*Yummers si Koya! Walang tapon.*

He had this dreamy rugged boy kind of look. Specially with his hazel brown eyes with long eyelashes that went perfectly with his messy brown and lightly curly shoulder-length hair. No doubt, any woman would fall for him with just one look.

Partida hindi pa ngumingiti niyan si *Koya*.

Pero sa klase ng tingin nito ay matutunaw ang kahit sino.

*Suman na malagkit, o!*

“What?” tanong ng lalaki na nagpatigil sa harap-harapan niyang pagtunganga rito.

“What?!” hindi makapaniwalang ulit ni Asya. Parang may takip ng kalderong lumagapak sa mga tainga niya nang marinig ang antipatikong tanong ng lalaki. Sa puntong iyon ay namaywang

na siya. “Mister, you’re blocking my way that’s why I bumped in to you. And you have the nerve to ask me ‘What?,’ really?”

*Pasalamat ka guwapo ka kung hindi kinalmot ko na ’yang mukha mo!*

“Well, I’m sorry... if that’s what you wanna hear. But next time you should focus on your steps while walking. I’ve been standing here and no one bumped at me but you. You should avoid daydreaming while walking, Miss,” tila nagsesermon sa batang sabi ng guwapo nga’y antipatiko namang lalaki bago basta na lang siya iniwan matapos mapatingin sa gilid niya.

Napansin ni Asya ang pagkabigla sa mukha nito na tila may tinatakbuhan ito o iniawasan dahil nagmamadali itong umalis.

Napabuga na lang siya ng hangin sabay marahas na hawi sa buhok.

“Ano ba’ng trip ng mga tao rito? Lakas ng mga toyo! Kayo kaya ang humaharang sa daraanan ko! At hindi ako nananaginip nang gising, buwiset!” maktol niya nang maiwang mag-isa sa lobby.

Ang Cannes pa naman ang paborito niyang siyudad dito sa France pagkatapos dito pa siya makakatagpo ng mga abnoy.

*’Kainis!*

# Chapter Two



"Tama, 'wag mong hayaan ang antipatikong iyon na sirain ang huling gabi mo sa Cannes, Asya," alo niya sa sarili bago inisang lagok ang laman ng kanyang wine goblet.

Nang bumalik siya sa kanyang suite ay nawalan na siya ng ganang lumabas at i-enjoy ang nightlife sa lugar na iyon dahil sa lalaking nabunggo niya sa lobby kanina. Daig pa kasi nito ang tatay niya kung makasermon.

Nagpa-room service na lang siya ng wine at pasta. Kanina pa niya naubos ang dinner niya at kanina pa rin siya nagpapakalasing habang nakatanaw sa madilim na view sa kanyang

balcony.

Gusto niyang makatulog nang mahimbing kaya pilit niyang inuubos ang isang bote ng wine para hindi na niya isipin ang kalungkutan ng pagiging mag-isa niya sa malaking suite na ito.

“Ang ganda-ganda ng Cannes para malungkot at maapektuhan ng mga asungot na iyon!” sabi ni Asya bago muling nagsalin ng wine sa baso niya, pinuno iyon saka inisang lagok.

“Whoa!” napailing na sigaw niya nang maramdaman ang guhit ng alak sa kanyang lalamunan. “Ouch!” Pero kumirot ang sentido niya dahil sa hilo.

“Mukhang lasing na ako, ah?” Hinilot niya ang noo.

Umihip ang malamig na hangin mula sa karagatan kaya napapikit si Asya.

“Ayoko pang umuwi,” malungkot na sabi niya. Natitiyak niyang mas mararamdaman niya ang pagiging mag-isa pag-uwi niya ng Pilipinas.

Hindi siya ganito dati, ngayon lang dahil sa naganap na kasal ng tiyahin. Na-realize niya na siya na lang talaga ang bahala sa sarili sa lahat ng oras.

Iminulat ni Asya ang mga mata at malungkot na pinagmasdan ang karagatan. Madilim na at

tanging ang tunog na lang ng paghampas ng alon sa dalampasigan ang naririnig niya.

“Mahigit isang linggo na ako rito pero wala akong maalalang pagkakataon na pumunta ako sa tabing dagat,” napaisip na sabi niya.

“Hindi ka naman kasi marunong lumangoy,” natawang sagot niya sa sarili.

Hindi marunong lumangoy si Asya dahil ayaw niya sa tubig. Pakiramdam niya ay hindi siya makahinga kapag nakalublob siya sa tubig kahit pa sa pool lang. Hindi niya alam kung phobia ba iyon dahil wala naman siyang naalalang naaksidente siya sa tubig noong bata siya.

Ganoon pa man, gustung-gusto niyang pinagmamasdan ang karagatan at naririnig ang paghampas ng alon sa dalampasigan.

Kahit paano ay naibsan ang kalungkutan niya.

Hindi inaalis ang pansin sa karagatan, kinuha ni Asya ang bote ng wine para magsalin sa goblet niya ngunit wala na pala iyong laman.

“Agad? Parang konti pa lang ang naiinom ko, ah?” Kunot-noong tiningnan niya ang boteng wala ni isang patak na laman.

Napabuntong-hiningang ibinalik niya iyon sa table at muling bumaling sa tanawin sa kanyang

harapan.

Isang grupo ng mga kabataan sa sidewalk ang nakakuha ng kanyang atensyon. Bawat isa sa mga ito ay may hawak na beer mug habang nakaupo sa round table doon.

May mga kiosk kasi sa sidewalk na nagtitinda ng kung anu-anong puwedeng kainin at inumin.

“Mukhang masarap ang beer na ’yun, ah?” Tumayo si Asya mula sa pagkakaupo at tinuro ang grupong nag-iinuman. “Hintayin n’yo ako diyan!” Ngumiti pa siya bago pumasok sa kuwarto niya para magbihis.

Alam ng dalaga na lasing na siya pero hindi pa ganoon kalasing kaya gusto niya pang uminom. Hindi pa kasi siya makakatulog sa lagay na ito.

“S’abi nga ni Tito Pablo, *‘The night is still young.’* Hindi ka na menor de edad, Asya. Magpakalasing ka lang hangga’t gising ka pa. Tama!” peptalk niya sa sarili habang naghahanap nang maisusuot.

Agad na lumapad ang ngiti niya nang makita ang black dress na isinuot niya noong mamasyal siya sa Paris isang gabi. It was a bit revealing but she really liked it.

Mabilis na nagpalit ang dalaga ng damit at inayusan ang sarili. Hindi siya gaanong naglagay

ng makeup, blush-on lang at red lipstick. Inilugay niya ang natural wavy hair.

“Bakit parang may kulang?” kunot-noong tanong niya habang pinagmamasdan ang sarili sa full mirror sa pader ng kuwarto niya.

Mula sa repleksyon ay nakita niya ang kuwintas na binigay ng Tita Edith niya kanina. Ipinatong niya iyon sa sidetable.

Napangiti si Asya at agad na kinuha iyon bago isinuot.

“Perfect!” pumalampak pang sabi niya habang pinagmamasdan ang sarili sa salamin.

Bago siya lumabas ng suite ay kinuha niya ang brown na faux fur niya.

“Enjoy Cannes, Asya!”



Kanina pa kunot na kunot ang noo ni Marius habang pinagmamasdan ang isang babaeng balak yatang ubusin ang lahat ng alak sa Cannes dahil kanina pa nag-iinom.

Agad na nakuha ng babae ang atensyon niya dahil bukod sa ito iyong mataray na bumunggo sa kanya kanina sa lobby ng hotel, hindi niya maitanggi sa sarili na naaakit siyang halikan ang pulang-pula nitong mga labi.

Ito ang unang pagkakataon na naakit siya sa

isang babae dahil lang sa mga labi nito, kadalasan kasi ay sa katawan siya unang tumitingin. But something was weird with this woman's lips... sa di-malamang dahilan ay gusto niyang burahin ang red lipstick nito gamit ang kanyang mga labi.

“You're the one who's drunk, Marius,” naiiling na sabi niya sa sarili saka inubos ang natitirang laman ng kanyang pangatlo nang beer mug.

Pero hindi niya inaalis ang tingin sa babaeng muling inisang lagok ang pangalawa nitong beer mug. Puno at umaapaw pa iyon pero derecho lang nitong inubos.

Sa totoo lang, humahanga na siya sa alcohol tolerance ng babae dahil bago ito um-order kanina at maupo sa kinauupuan ay napansin na niyang lasing na ito. Dalawang table lang kasi ang pagitan nila kaya napapagmasdan niya ang estranghera.

Ganoon na lang ang pagkaalarma niya nang basta na lang tumayo ang babae mula sa table nito at naglakad papunta sa tabing dagat. Hahabulin sana ito ng tinderero ng beer stall dahil hindi pa ito nagbabayad pero inako niya ang bill ng babae at agad na nagbayad.

Hindi na alam ni Marius kung dahil sa nainom kaya heto siya at nakasunod sa pagewang-gewang



na estranghera habang naglalakad sa beach side, pero kung anuman ang dahilan ay wala na siyang pakialam.

At saka pakiramdam niya, kung hindi niya susundan ang babae ay mapapahamak ito sa kamay ng mga manyakis.

*Nagsalita ang hindi manyak!* pangbabara ng munting tinig sa kanyang isipan.

*Hindi ako manyak! Gusto ko lang masiguro na maayos siyang makakabalik sa hotel,* depensa niya sa sarili.

Ilang minutong nagpalakad-lakad lang ang babae bago basta na lang naupo sa buhanginan at lasing na pinagmasdan ang madilim na karagatan.

Si Marius naman ay naupo rin sa buhangin di-kalayuan sa babae habang pinagmamasdan ito.

Ngunit bumaba ang kanyang pansin sa pulang mga labi ng babae. Again. He really wanted to kiss her.

*Damn that beer!* Mariin siyang pumikit upang itaboy ang kalokohang naiisip. Hindi siya ganoon katigang but seeing her lips was enough to drive him crazy.

“Wow! I found a coin!” sigaw ng kung sino

kaya napamulat si Marius at nakita ang babae na malapad ang ngiti habang nakatingin sa isang barya.

Maging siya ay napangiti. She looked prettier when smiling.

Kanina habang nasa sidewalk sila ay napansin na niya ang kalungkutan sa mga mata ng babae. Tingin ni Marius, may problema itong pinagdaraan at nais makalimot sa pamamagitan ng alak.

*Just like me.*

Pero agad na nawala ang ngiti niya nang halikan ng babae ang hawak nitong barya. Biglang gusto niyang agawin ang barya at itapon iyon sa madilim na karagatan.

“Suwerteng barya. Mas nauna pang nakahalik kaysa sa akin, dammit!” Napasabunot si Marius sa sarili nang ma-realize ang nasabi. *Ano ba’ng nangyayari sa akin? Hindi naman ako ganito pagdating sa mga babae?*

Idagdag pa na hindi naman diyosa sa kagandahan ang babae, ngunit ganito na ang epekto sa kanya. Her beauty was above average but it was the kind of beauty that could not be forgotten easily. Iyong gandang habang tumatagal ay mas lalong nagugustuhan. She had

that kind of charisma.

Ipinasya ni Marius na ibaling ang pansin sa karagatan, umaasa na sa pamamagitan niyon ay maibalik niya ang sariling katinuan.

“Huh? Hey, mister!”

Pero agad din siyang napabaling sa babae nang marinig itong sumigaw. At para siyang natuyuan ng dugo nang makitang sa kanya ito nakatingin.

Kunot na kunot ang noo ng estranghera at naniningkit ang mga mata, pilit siyang pinagmamasdan. Ilang hakbang lang ang layo nila sa isa’t isa kaya hindi imposible na makilala siya nito.

“You!” muling sigaw nito saka basta na lang tumayo mula sa pagkakaupo at naglakad palapit sa kanya.

Ngunit bigla itong napatid ilang hakbang mula sa kanya at dahil lasing, pagewang itong bumagsak. Eksaktung-sakto sa puwesto niya.

Namalayan na lang ni Marius na nakahiga na sila sa buhanginan habang magkalapat ang mga labi.

Oo nga’t gusto niyang halikan ang babae pero hindi sa ganitong sitwasyon.

May pag-iingat na hinawakan niya ito sa

mga balikat at aktong aalalayan patayo ngunit sa pagkabigla ni Marius, gumalaw ang mga labi ng estranghera. Nag-umpisa itong halikan siya.

Mabagal lang ang paghalik ng babae pero sapat na iyon para magwala ang mga emosyon ni Marius.

*Damn, woman! You have no idea you're playing with fire.*

Buong pilit na pinigilan ni Marius ang sarili na tugunin ang halik ng babae ngunit sadyang mapang-akit ang mga labi nitong napatunayan niyang kasing-tamis ng red wine, kasing-init ng rum, at kasing-sarap ng champagne.

*Lasing na nga ako!*

Tuluyan nang bumigay si Marius nang maramdaman ang kamay ng babae sa kanyang dibdib. He was wearing a thick pull-over but her touch made him feel the unfamiliar electricity that was running through his whole body. And it's making him crazy.

Ang mabagal na paghalik ng babae ay tinugon niya nang puno ng diin at init.

He wanted to kiss her thoroughly. He wanted more.... to feel more.

Hinawi ni Marius ang buhok ng babae nasa mukha na nila at inihawak ang isang kamay sa

batok nito para mas palalimin ang halik.

Pero sa pagkabigla't dismaya niya ay bigla siya nitong itinulak at pinutol ang halik. Mabilis na tumayo ang babae mula sa pagkakadagan sa kanya; mukhang natauhan sa ginagawa nila.

Si Marius ay hindi na maibalik ang sarili sa katinuan. He's hot and disappointed. Malinaw sa kanya na hindi niya dapat pagsamantalahan ang kalasingan ng estranghera ngunit may kakaibang emosyon na nangingibabaw sa kanya ngayon na hindi na niya alam ang tama sa mali.

He just wanted to kiss her. Badly.

Tumayo na rin siya mula sa pagkakahiga sa buhanginan at pinagmasdan ang babaeng hindi nakatingin sa kanya.

She was looking at the dark sea. Thinking. Confused.

Mayamaya, nilingon siya nito at derechong tiningnan sa mga mata. Kitang-kita niya ang determinasyon sa mga iyon.

Pigil ni Marius ang hininga habang hinihintay ang sasabihin ng babae.

"Can you take me tonight?" anito sabay abot sa kanya ng isang barya.

Iyong napulot nitong barya.



Malinaw kay Asya na lasing na siya at wala na sa tamang pag-iisip dahil niyaya niya ang isang estranghero na makipag-sex kapalit ng napulot niyang barya. Sinong matinong lalaki ang papatol sa kanya?

Ngunit sa hindi malamang dahilan, wala siyang balak na bawiin ang alok sa lalaki. Ni hindi niya nga pinagsisisihan ang basta na lang paghalik dito. Bigla niya kasing naramdaman ang kakaibang atraksyon sa lalaki kaya hindi niya napigilan ang sarili.

Siguro epekto iyon ng alak na nainom niya... o dahil sa nakakaakit nitong hazel brown eyes.

Hindi nga maialis ni Asya ang mga mata rito, hanggang ngayon ay derechong tinitingnan niya sa mga mata ang lalaking halatang nabigla sa kanyang alok. Pero alam niyang hindi siya ang unang babaeng nagyaya rito ng ganoon. Imposible iyon.

At lalong walang pakialam si Asya kung ilang babae na ang naikama ng estranghero. Basta ang malinaw sa kanya ngayon ay gusto niya ito ngayong gabi. Bahala na bukas.

*YOLO, Asya!*

*Paano kung tanggihan niya ako?*

*Ipapakain ko siya sa pating!*

Napakunot-noo siya nang biglang tumayo ang lalaki at bumuntong-hininga bago siya seryosong tingnan.

Pigil ni Asya ang hininga habang hinihintay ang sasabihin nito. *Mukhang tatanggihan pa ang beauty ko, ah?*

“I hope you won’t regret this once you’re sober,” anito bago kinuha ang inaabot niyang barya. Pagkatapos, ito naman ang naglahad ng kamay sa kanya.

Para siyang nabunutan ng tinik sa lalamunan nang maunawaan ang ibig sabihin ng lalaki.

Agad niyang tinanggap ang kamay nito.

*Talagang ibibigay mo ang sarili mo sa estrangherong ’yan? Paano ka bukas? Baka luhaan kang umuwi ng Pilipinas niyan!* anang konsyensya niya.

Ngunit ang isipan ni Asya ay abala sa kakaibang naramdaman nang maghawak ang mga kamay nila ng lalaki. Firm and warm. Napangiti siya.

Hindi niya na talaga alam kung epekto pa ba ng alak ito pero wala siyang pag-aalinlangan sa estranghero. Ano ba mayroon sa beer ng Cannes at nagkakaganito siya?

“I won’t. Tonight, I’m all yours to enjoy,” aniya

sabay dampi ng halik sa mga labi ng lalaki.

Iba talaga ang powers ng alak sa tao. Oras na dumaloy ito sa sistema ay nagiging matapang na ipakita ang totoong nararamdaman.

And it was clear to her that tonight, she did not wanna be alone.

She wanted to know how it felt to be touched... to be loved... even just for a night.

Nang maghiwalay ang kanilang mga labi ay ilang sandaling naghinang ang kanilang mga mata bago siya biglang niyakap nang lalaki.

“You have no idea how much I love to kiss you... to have you tonight. But I don’t want to take advantage of a woman’s sadness. I can still spend this night with you though. Because like you, I don’t wanna be alone in this cold night. I’ll stay with you.” Bumitiw ang lalaki sa yakap at may matamis na ngiti sa mga labi na tinuyo ang kanyang luhaang mga mata.

*Umiiyak ako?*

Hindi namalayan ni Asya na naiyak na pala siya habang nakikinig sa lalaki. How could someone make her cry like a five-year-old? Neither her Tita Edith nor her father could do that.

Ano mayroon ang lalaking ito na hinayaan



niya ang sariling maging mahina't umiyak?

Masuyong pinunasan ng lalaki ang mga pisngi ni Asya na basa ng luha niyang ayaw paawat sa pag-agos.

Iyon ang unang beses na bukod sa kanyang tiyahin ay may ibang taong nakaintindi nang kanyang damdamin. At isa pa itong estranghero.

Muling napangiti si Asya at napailing na lang. "You hit a weak spot there, mister," aniya.

Natawa ang lalaki sabay hawak muli sa kanyang kamay. "Maybe we're birds of the same feather. Come, I know a place that can make us forget our sadness." Hinila siya nito paalis ng beach.

"And it's not your room, right?" natatawang sabi niya.

Na-touch si Asya na hindi nito kinuha ang oportunidad na maikama siya sa kabila ng alok niya. Uso pa pala ang gentleman sa panahon ngayon.

"I wish, but no. And stop teasing me, lady." Tiningnan siya nito nang seryoso pero bigla ring ngumiti.

"I don't care anymore. Just make me happy tonight."

"I will." Huminto ito sa paglalakad at

dinampian siya ng halik sa mga labi. “I like your lips. I can’t get enough of them.” Isa pa uling dampi ng halik ang ibinigay nito.

Just quick kisses. But enough to make her dizzy. Good kind of dizzy, though. Lalo pa dahil kitang-kita ang atraksyon sa hazel brown na mga mata ng lalaki.

“I like them, too. Much more when kissing you.” Siya naman ang humalik dito. But this time, it was deep and hungry.

And she felt it.

She’s not alone. At least not tonight.

# Chapter Three



“So this is the place that can make us forget about our sadness? Your suite?” puno ng sarkasmong sabi ni Asya sa lalaking hanggang ngayon ay hindi niya pa rin alam ang pangalan. Ayaw niya namang itanong pa iyon dahil ngayong gabi niya lang naman ito makakasama. Hindi na mahalaga ang pangalan nito dahil uuwi na rin naman siya ng Pilipinas bukas ng gabi.

“I already told you I won’t take your offer... at least not when you’re drunk.”

Natawa siya. *What a gentleman*, bulong niya sa isipan habang inililibot ang tingin sa buong suite nito. Yayamanin. Pang-royalty iyon sa laki’t

ganda.

“Then, why are we here?” tanong niya bago naupo sa malambot na red velvet sofa. Hindi na niya kailangan pang itanong, natitiyak niyang mamahalin iyon.

Agad na pumikit ang mga mata ni Asya nang lumapat ang katawan sa sofa. Unti-unting, naramdaman niya ang antok. Sa dami ba naman ng nilaklak niyang alak! At talagang sa France niya pa naisipang maglasing? *Sosyal!*

Ngunit agad ding iminulat ni Asya ang mga mata nang maramdaman ang paghalik ng lalaki sa kanya. It was a slow but deep kiss.

Agad niyang tinugon ang halik sabay pulupot ng mga kamay sa batok nito. Ito naman ay nakatuon ang mga palad sa magkabilang armrest ng sofa.

Parehong nilang habol ang paghinga nang maglayo ang kanilang mga labi ngunit ang kanilang mga mata ay hindi nilulubayan ang isa't isa. Tila nag-uusap ang mga ito sa sariling lengguwahe.

“Are you sleepy? You can sleep in my room.” Muli ay dinampian nito ng halik ang kanyang mga labi.

Napangiti si Asya bago naningkit ang mga

matang tiningnan ito. “Is that a wholesome offer?”

Agad na tumayo nang tuwid ang lalaki habang nakapamaywang, “I can sleep with a woman on my bed without touching her,” sagot nito na kinatawa niya.

“Why so defensive, mister? We’re not in the court. Anyway, what are we gonna do here?” Tumayo na ang dalaga mula sa sofa dahil hinihila talaga siya nitong matulog.

Ayaw niya pang matapos ang gabing ito. Gusto niyang manatili pa sa piling ng estrangherong ito buong gabi.

“You need to change your clothes,” anang lalaki na ikinataas ng kilay ni Asya. “It’s making me crazy,” amin nito.

“So, a black dress is your weakness, huh?” nakakaloko ang ngiting tanong niya.

Umiling ito at niyakap siya sa baywang. “No. *You* in that black dress is my weakness.”

Natatawang umiwas si Asya sa lalaki nang akmang hahalikan siya ulit nito. Napasimangot tuloy ang pobreng lalaki.

“Then, where are the clothes?” tanong niya nang lumayo rito pero hinila siya ng lalaki sa braso kaya napabalik siya sa harapan nito.

“You really like teasing me, lady.” Mariin siya nitong hinalikan sa mga labi pero mabilis lang iyon at sa gulat niya, binuhat siya nito in bridal style.

“Oh, geez! What are you doing? Nahihilo ako!” Napa-Tagalog tuloy siya nang di-oras dahil sa pagkabisla.

“Filipina, huh? Akala ko Amerikano ka?”

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Asya nang marinig ang sinabi nito. May konting accent pero matatas.

“Pinoy ka rin?”

“Yup,” tango ng lalaki nang ibaba siya sa loob ng isang walk-in closet. “But I’m half-French with Italian citizenship since birth. Umuuwi lang kami ni Mom sa Pilipinas noon tuwing Christmas,” kuwento nito habang kumukuha ng damit na ipapasuot sa kanya.

Si Asya ay nanatiling tahimik na nakasubaybay sa lalaki; hindi makapaniwala na may dugong Pinoy pa ang kauna-unahang lalaking nilandi niya. Ang lakas pa naman ng loob niya dahil nasa abroad siya, iyon pala ay Filipino ito.

Pero walang mababakas na pagka-Pinoy sa lalaki. His European genes were really strong.

“Here. Malamig sa pupuntahan natin kaya

mas maganda na mag-sweater ka.” Iniabot nito sa kanya ang grey sweater at black jogging pants.

“Saan ba tayo pupunta at balot na balot ako sa damit na ipinapasuot mo sa akin?”

“Secret. It’s a surprise.” Naglakad na ito palabas ng closet.

“Wait! Do you have a bra?” derechong tanong ni Asya na ikinatigil ng lalaki sa paglabas.

Manghang tiningnan siya nito. “You’re not wearing bra?”

“This dress doesn’t need it,” kibit-balikat na sagot niya.

“And why would you think I have bra in my closet, lady?”

Oo nga naman. Minsan talaga nakakalimutan ni Asya ang utak niya.

Natawa na lang siya at tinulak ang lalaki palabas ng closet nito. “Makapal naman itong sweater. Ayos lang siguro.”

“Hey, I won’t let you go out without a bra!” tutol nito at akmang pipigilan siya sa pagsara nang pinto.

“Then, should we stay here? Sinasabi ko na sa iyo na marupok ako. Baka gapangin kita,” biro niya na ikinatigil ng lalaki.

Sinamantala ni Asya ang pagkabigla nito

at tawang-tawang isinara ang pinto ng walk-in closet.

Agad siyang nagpalit ng damit.

“Mukha akong rapper nito, eh,” naiiling na sabi niya habang tinitingnan ang sarili sa salamin. Masyadong malaki ang damit ng lalaki para sa kanya. Pero suwerte siya na hindi halatang wala siyang suot na bra.

“Okay na ito.”

“Are you done?” narinig niyang tanong ng lalaki mula sa labas.

“Yes.” Kinuha ni Asya ang hinubad na mga damit at lumabas na.

Bumungad sa kanya ang lalaking nakaupo sa kama nito na kunot na kunot ang noo habang nakatingin sa kanya.

“What?”

“Hindi na tayo aalis. Let’s just watch movies.”

“Aantukin lang ako. ’Wag ka ngang KJ. Hindi naman halata, ah?” medyo inis na tugon ng babae. Excited na kasi siyang pumunta sa sinasabi nitong lugar.

“No. Let’s stay here.” Maawtoridad ang tono ng lalaki.

Pero hindi nagpaapekto si Asya. “Bahala ka rito mag-isa. Lalabas ako.” Dumerecho siya



palabas ng kuwarto nito.

“Hey!” tawag ng lalaki na hindi niya pinansin. Binilisan niya pa ang paglalakad hanggang sa tuluyan na siyang nakalabas ng suite.

Malapit na siya sa elevator nang may biglang humila sa kanyang braso. Lihim na napangiti siya.

“Why so stubborn?” galit na asik ng lalaki sa kanya.

Nagkibit-balikat lang si Asya bago tingnan ang nakayapak na mga paa.

“I need shoes. I can’t wear my heels with these clothes,” naka-pout na sambit niya bago ngumiti.

Ilang sandaling pinagmasdan lang siya ng lalaki bago mariing pumikit at tumingala. Sinuklay pa nito ang mahabang buhok gamit ang mga daliri. Malinaw na naiinis na ito sa kanya pero hindi rin mapigilan na maaliw sa kakulitan niya.

“Go back inside. I’ll buy you shoes and a bra. May department store akong nakita sa kabilang kalye,” anang lalaki na hinila siya pabalik sa suite nito.

“For real?” natatawang tanong ni Asya. Ngayon pa lang ay nai-imagine na niya ang hitsura nito habang bumibili ng bra niya. Tiyak

na mawiwirduhan ang mga tao rito.

“I should be annoyed right now but every time you smile, I just...” Tumigil ito bago bigla siyang siniil ng halik sa mga labi.

Damang-dama ni Asya ang frustration ng lalaki sa bawat paghalik nito sa kanya.

And she liked it. She’s really weird.

“Stop being stubborn, I might lock you up in my room and forget about you being drunk. I’m crazy enough that I can’t help kissing you so please... go back inside and wait for me,” habol ang hiningang sabi ng lalaki nang maghiwalay ang kanilang mga labi.

At dahil lasing pa si Asya sa halik nito ay wala sa sariling napatango na lang siya bilang sagot.

“Wag kang aalis,” bilin pa nito nang makapasok siya ulit ng suite habang ito ay nasa may pintuan.

“Yes, sir!” sumaludong turan niya.

Isang matamis na ngiti ang iniwan ng lalaki sa kanya bago tuluyang isinara ang pinto ng suite. Malapad ang ngiting sumandal doon si Asya.

“Ang guwapo talaga ng loko!” Napahawak siya sa kanyang mga labi; hindi pa rin makapaniwala na hinayaan niya lang ang isang estranghero na halikan siya nang paulit-ulit. Kung nasa katinuan

siya ay tiyak na basag na ang mukha ng lalaki sa mga suntok niya.

“Lasing ka nga talaga, Asya.” Natawa pa siya habang naglalalakad patungo sa velvet na sofa. Antok na talaga siya, pero lalabanan niya iyon. Hindi siya puwedeng matulog.

Kinuha niya ang phone sa bag at naghanap ng malalarong game para malibang.

Ayaw niya pang matapos ang gabing ito. She wanted to spend more time with him. At least bago siya umuwi ng Pilipinas.

Kaya ganoon na lang ang pagkagalak ni Asya nang may kumatok sa pinto ng suite makalipas ang ilang sandali. Inakala niyang dumating na ang lalaki. Nawala sa isip niya na may susi ito ng suite nito at hindi na kailangang kumatok pa.

“Ang bilis mo—” Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin nang bumungad sa kanya ang isang babaeng naka-red nightgown. Agad niya itong nakilala bilang iyong babaeng mala-kalabaw ang balat dahil laging kinakapos ang tela ng damit.

Hindi napigilan ni Asya ang sariling hagurin ng tingin ang buo nitong katawan. Ayaw niya mang aminin, naiinggit siya sa umaapaw sa biyaya na dibdib nito at balingkinitang katawan.

*Eh di siya na ang pinagpala sa kaseksihan! Di man lang nag-share!*

“Who are you, b\*tch?” ubod ng taray na tanong ng babae sa kanya. Kulang na lang ay lumipad sa kisame ang kilay nito sa taas.

Parang may sumabog na fuse sa sentido ni Asya sa narinig. Namaywang siya at taas-noong hinarap ito. “B\*tch? Grabe ha! Hiyang-hiya ang suot ko sa suot mo, ate! Ikaw nga nangdakot na, samantalang ako hanggang halik lang, tapos b\*tch agad?” talak niya na ikinakunot-noo ng babae. Mukhang hindi ito nakakaintindi ng Tagalog.

“What the hell are you saying?” nakangiwing tanong nito. “Weirdo!”

“Bahala ka sa buhay mong mag-isip. Lakas ng loob mong tawagin akong b\*tch! Ikaw naman, dikya!”

“Hey, I have no time to waste on you. What are you doing in my boyfriend’s room?” nakapamaywang pang tanong ng babae.

Natigilan siya sa narinig.

*Boyfriend? Sh\*t! Lalandi ka lang, Asya, sa may sabit pa!*

Nang mga oras na iyon, pakiramdam niya ay binuhusan siya ng malamig na tubig.

Wala sa sariling isinara niya ang pinto at nagmamadaling kinuha ang kanyang mga gamit.

*Dammit!* She almost slept with a taken man!

“Engot ka talaga, Asya! Muntik na!” sermon niya habang naglalakad pabalik sa pinto.

Wala sa hinagap niya ang maging kabit o ano man ng mga lalaking may sabit na. She’s not that low.

Nang buksan ulit ni Asya ang pinto ay eksaktong pakatok na muli ang babae.

“How dare you slam the door—”

“I’m just the hotel’s housekeeping. Don’t worry, I’m done cleaning,” putol niya rito bago lumabas ng suite at sinara ang pinto.

Hindi makapaniwalang hinagod siya ng tingin ng babae. “You’re not wearing your uniform. And what are those?” turo nito sa damit at sandals na hawak niya.

“Trash,” tanging sagot niya bago ito tinalikuran at mabilis na naglakad patungong elevator.

Mahirap na, baka mahuli pa siya ng bruha at sabunutan.

“Hey!” sigaw ng babae kay Asya pero hindi niya na ito pinansin hanggang sa makasakay siya ng elevator.

Noon lang siya nakahinga nang maluwag. Wala sa sariling pigil niya pala ang kanyang paghinga kanina. Sa buong buhay niya, ngayon lang siya kinabahan nang ganoon.

“Hinayupak na lalaki ’yun. May syota na pala, lumalandi pa.” Inis na pinahid niya ang pawis na namuo sa kanyang noo. Pinagpawisan siya nang malamig nang di-oras.

Pinindot ni Asya ang floor sa kanyang suite. Good thing nasa parehong hotel lang sila ng lalaki dahil nakayapak lang siya. Sa sobrang kaba ay hindi na niya naisip na magpalit ng damit.

“Kainis talaga!” sabi ni Asya nang makabalik ng kanyang suite at derechong nahiga sa kama.

Mabuti na lang at agad siyang hinila ng pagod at antok dahil ayaw na niyang isipin pa ang nagawang kagagahan ngayong gabi.

Hiling niya na sana ay makalimutan niya ang lahat bukas.

# Chapter Four



*Three years later...*

Napatulala si Asya sa hawak niyang magazine nang makilala kung sino ang nasa cover nito.

Kasalukuyan siyang nag-aayos ng mga paninda sa kanyang grocery store nang hapon na iyon ng Linggo nang mapadpad siya sa magazine rack at mapansin ang cover ng isang sports magazine.

Hindi siya mahilig magbasa ng tungkol sa mga sports ngunit nang makita ang taong nasa cover ay agad niya iyong kinuha't binasa.

*Marius Fabrega, a world renowned car racer*

*champion and proud half-Filipino is currently in the country to hold a charity race for cancer patients...*

Hinanap ni Asya ang pahina kung saan naka-feature ang lalaki at maiging sinuri ang mga larawan nito.

Hindi siya maaaring magkamali. Those hazel brown eyes looked familiar to her. Very familiar.

Sa loob ng tatlong taon na paglulungga niya rito sa Pilipinas, hindi inakala ni Asya na muli niyang makikita ang mga matang iyon. Well, sa pictures lang, pero ang katotohanan na nasa bansa ito ngayon ay labis na nagpapakaba sa kanya.

Napahawak si Asya sa dibdib. Bakit ba siya nagkakaganito? As if naman magkikita sila! At saka wala siyang balak magpakita sa lalaki. Hindi kami close! Tiyak na hindi na siya nito naaalala. They were both drunk that night.

Pero sa totoo lang, hindi niya alam kung bakit sa kabila ng sobrang kalasingan niya nang gabing iyon ay malinaw pa rin sa kanyang isipan ang lahat ng nangyari. Those hazel brown eyes that melted her, those kisses that were so sweet and delicious, and his words that made her feel special. Everything was crystal clear.

Panira lang talaga ng kuwento ang girlfriend



nito na laging kinakapos sa tela ang damit. Kung hindi lang ito biglang sumulpot nang gabing iyon ay baka narating na niya ang *Havana oh la la*.

Tumalim ang tingin ni Asya sa lalaking nangungusap ang mga mata habang nakatingin sa camera. “Bakit kasi may girlfriend ka noon? ’Kainis ka! Muntikan mo na akong gawing kabit, hinayupak ka! Naku!’ Wag kang magpapakita sa akin ngayon at baka maihagis kita sa Manila Bay pabalik ng Cannes!” Dinuro-duro niya pa ang larawan sa magazine.

“Hoy, *teh!* Ano, baliw na?”

Nabitawan niya ang magazine sa gulat nang may biglang kumalabit sa kanya mula sa likuran.

Nang tingnan ni Asya kung sino ang istorbo ay nakita niya ang kaibigang si Rica na kunot na kunot ang noo habang nakatingin sa kanya.

“Ano ka ba! Ginulat mo ako, bruha ka!” bulyaw niya rito.

“Aba! Ikaw itong kinakausap iyang magazine! Mabuti na lang at ako lang ang nakakita sa ’yo. Kung ang mga palaka nating kapitbahay, tiyak na talk of the barangay ka na. The great Asya Barcia, nabaliw na sa katigangan—”

Hindi na nagawang tapusin ni Rica ang sasabihin nang hampasin niya ito ng bagong

kuhang magazine. “Tumahimik ka nga at baka ikaw ang itapon ko sa Manila Bay papuntang mental hospital. Kung anu-ano na naman iyang lumalabas sa bibig mo!” aniya bago dinampot ang nahulog na magazine.

“Eh, bakit mo ba kasi kinakausap ’yang magazine?”

“Wala ka na roon.” Inabot ni Asya ang babasahin sa kaibigan. “Bayaran mo. Madumi na eh, hindi na ’yan maibebenta.”

“Talaga nga naman, Bagong Taon na wala ka man lang pinagbago. Businesswoman na businesswoman—ay ang guwapo naman ni *fafa!*” biglang bulalas nito nang makita ang cover ng magazine.

Inis na inagaw niya ulit iyon kay Rica, “Umalis ka na nga, ang ingay mo!” iritadong sigaw niya.

“Ikaw ang maingay diyan. At saka costumer ako ’no! Pero bakit ba bad mood ka ngayon? Katatapos lang ng dalaw mo, ah?” patuloy na talak nito.

Hindi na siya nagtaka na kaibigan niya ito. Pareho silang magaling mambuwisit kapag wala sa mood ang isa sa kanila.

“Hindi ako bad mood.”

“Eh, bakit isang linya na lang ’yang mga kilay mo?”

“Mabuti na iyon kaysa sa ’yo na magkagalit, hindi pantay.”

“Ay, sobra siya! Laitan na, *teh?*”

Naiiling na iniwan niya ang kaibigan at naglakad papunta sa counter. Wala masyadong customer nang mga oras na iyon kaya okay lang na magsigawan silang magkaibigan.

Inabot ni Asya sa kahera niyang si Jane ang magazine. “Pabayaran mo kay Rica, nadumihan niya,” utos niya na agad namang inasikaso ng empleyada. Sanay na ang mga ito sa kalokohan nilang magkaibigan.

“Bibilhin ko talaga ’yan, ang guwapo ng cover, eh,” turan ng kaibigan na mas ikinabuwisit niya.

“Never mind,” sabay bawi ni Asya sa magazine saka dumerecho sa munting office niya sa likod ng counter.

Sa di-malamang dahilan ay bigla siyang naalibadbaran kay Rica. Naiinis siya sa maingay nitong bibig.

Pagod na umupo siya sa kanyang swivel chair at pabalibag na ipinatong sa table niya ang magazine pataob. Simula nang muli niyang makita ang mukha ng lalaki ay nag-iba na ang

kanyang mood.

Ngunit ilang sandali lang ay bumukas ang pinto at iniluwa ang asungot niyang kaibigan na abala sa pagbabasa ng magazine.

Napailing na lang si Asya. Talagang kumuha pa ito ng bagong kopya.

“Interesado ka ba sa taong nasa cover? Talagang bumili ka pa!” halos pagalit na sabi niya.

Nagkibit-balikat lang si Rica nang maupo sa sofa na nasa gilid ng kanyang table. “He’s not my type. Filipino ako at para lang ako sa Filipino. Ikaw ang halatang type itong si guwapo.”

“Hindi ’no!” Napatayo pa siya sa pagtangga.

Natatawang napatingin ito sa kanya. “Oo, *teh*, hindi halatang type mo siya.”

“Ano ba’ng ginagawa mo rito?” tumikhim na sabi ni Asya bago bumalik sa pagkakaupo. Hinding-hindi talaga siya makakapagsinungaling sa isang ito.

“Mangungutang sana ako ng sabong panlaba. Naubusan ako, eh,” wala lang na sagot nito.

Inis na binato niya ang kaibigan ng nadampot na lapis.

“Nabili mo ang magazine na iyan ’tapos wala kang pambili ng sabon?”

“Wala sa budget, eh. At saka bakit mo ako binato ng lapis? Attempted murder ’yun! Bayaran mo ako ng sabong panlaba!” demand nito na ikinasakit ng ulo ni Asya.

“Maaagasan ako sa ’yo, Rica. Umalis ka na nga sa harapan ko!”

“Ayoko nga. Bored na ako sa bahay. Natapos ko na ang lahat ng Koreanovelang meron ako. At paano ka maaagasan ay hindi pa naman butas ’yang Bataan mo. Natat\*e ka lang, *teh!*” walang katapusang sagot nito.

Pinili ni Asya na manahimik na lang dahil hindi sila matatapos kung patuloy niya itong papatulan.

“So, sino itong guwapong *fafang* ito at inaaway mo ang picture?” muli ay tanong ni Rica. Ayaw talaga siyang tantanan.

“No one,” tamad na sagot niya habang binubuklat ang folder na naglalaman ng report ng sales nila kahapon. Nabasa na niya iyon pero dahil ayaw niyang pagtuunan ng pansin ang kaibigan ay binabasa niya ulit. Iyon nga lang, wala siyang naiintindihan.

“Talaga? So okay lang sa ’yo kung liligawan ko siya?” nanunubok na ani Rica.

“Ikaw pa talaga ang manliligaw? Akala ko ba

hindi mo type?”

“Hindi naman masamang tumikim ng ibang putahe. Laman-tiyan din ito.”

“Alam mo, Rica, makakalbo na kita sa kagagahan mo!” banta niya. Totoong naiinis na siya rito.

Hindi naman basta-basta naiinis si Asya kapag nangungulit ang kaibigan, pero ngayon ay naba-badtrip siya sa hindi malamang dahilan.

“Selos ka lang!” akusa nito na ikinatigil niya.

Bakit pakiramdam niya ay isa siyang target board at naka-bull’s eye ito sa kanya.

“A-ano? Hindi ‘no!” utal na depensa niya. Pero ang isip ni Asya ay nagsasabing tama ang kaibigan.

*I’m not jealous! He’s just a good memory in my past, kontra niya sa kanyang isipan. No, a bad memory! Dammit!*

“Talaga? Then, samahan mo akong manood ng charity race niya. I got tickets,” hamon ni Rica na kinakunot ng noo ni Asya.

“How did you get tickets?”

“My boss gave me some. Malapit na kaibigan niya kasi itong si Marius Fabrega at pinsan ng asawa niya. Actually, na-meet ko na siya nang personal noong isang araw nang pumunta siya

ng office para dalawin si Boss Dom,” kuwento ng kaibigan na ikinagimbal niya.

Executive assistant si Rica ng isang business tycoon kaya hindi malabo na nakilala na nga nito si Marius Fabrega.

Bigla siyang nanlamig. Sunud-sunod na umiling siya. “Ayoko, busy ako.”

“Busy? Tigilan mo nga ako riyon sa arte mo, Asya. Alam nating pareho na pumapasok ka lang dito sa grocery store pag bored ka na sa bahay mo. Basta samahan mo akong manood ng race sa Wednesday. VIP tickets ’yun. At saka maraming guwapo’t mayaman d’on baka makita mo na si *Forever* mo. Sayang ang chance.”

“Wag forever ko ang intindihin mo. ’Yung sa ’yo ang hanapin mo. Basta busy ako sa Wednesday,” patuloy na tutol ni Asya.

“Hindi ko na kailangang maghanap, *teh*. Ito na nga, di ba.” Hinarap pa ng kausap sa kanya ang picture ni Marius. “At bakit ba ayaw mo akong samahan? Ngayon ka lang tumanggi sa gala, ah?” nagtatakang tanong nito.

Kinabahan naman siya. “B-busy nga.”

Tinaasan siya ng kilay ni Rica. “Busy? O baka naman may iniiwasan ka? May nakaraan ba kayo nitong si guwapo?”

Pilit ni Asya na tumawa nang malakas. “Nakaraan talaga? Paano naman mangyayari iyon eh taga-ibang bansa iyan,” palusot niya pero mas lalo lang naningkit ang mga mata ng kaharap habang sinusuri siya.

“You’ve been to France before. At saka bakit malakas ang kutob ko na iniawasan mong makita si guwapo nang personal?” patuloy na tanong ni Rica.

Napabuntong-hininga na lang siya. “Busy lang talaga ako. Wala akong iniawasan.”

“Tinanong ko na si Jane kung tambak ang trabaho n’yo at hindi raw dahil katatapos lang ng holiday season. Natapos mo na raw lahat i-check ang mga kailangan kanina at balak mo na nga raw umuwi nang maaga ngayon. So saan banda ang pagka-busy, *teh?*” anito na ikinasimangot niya.

“I’m the boss. Ako ang nakakaalam kung busy ako o hindi.” Umirap siya. Hindi siya aamin dito kahit na ano’ng mangyari.

“Well, you have two days to be busy, Boss. Susunduin kita nang Wednesday ng umaga sa bahay mo. ’Wag na ’wag mong subukan na takasan ako dahil pag ganitong malakas ang kutob ko na may itinatago ka sa akin ay baka hindi ko mapigilan ang sarili ko na tanungin si



*fafa* Marius kung may past kayo. Ipapakita ko ang picture mo sa kanya at sasabihin ko kung saan ka nakatira. Ayaw mo naman siguro n'on, hindi ba?" nakangising tanong ni Rica.

Alam ni Asya na ginagawa talaga ng kaibigan ang sinasabi nito. Ito ang klase ng tao na ikamamatay ang hindi pagkahanap ng kasagutan sa mga katanungan sa *chismosang* isipan nito.

Kaya no choice siya kundi sumama rito at mag-isip na lang ng palusot para hindi makaharap si Marius. Alam niyang maaaring hindi na siya naaalala ng lalaki pero ayaw niyang sumugal. Wala siyang mukhang ihaharap dito matapos ang kagagahan niya nang gabing iyon sa Cannes.

"I hate you!" galit na singhal ni Asya kay Rica.

Matamis na ngiti naman ang sinukli nito. "I love you, *teh!*"